# SUPPLEMENTAL LESSONS

## Sibika Baitang 1
## Ikalawang Markahan

Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Paksa: Ang Kwento ng Aking Pamilya

**Layunin:**


- Nauunawaan ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito (Halimbawa: buong pamilya, *single-parent*, at *extended family*)

**A. Panimula**

1. Ipasuri ang larawan ng isang *family tree.*
2. Ganyakin ang mga mag-aaral: Tukuyin ang bumubuo sa isang pamilya.
3. Itanong: Ganito rin ba ang larawan ng inyong pamilya?
4. Magbabahaginan ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng *triad.*

**B. Paglinang**

1. Paghambingin ang mga larawan.



2. Pag-uusapan ang mga larawan. Itanong ang sumusunod:
   - Alin sa mga larawan ang katulad ng iyong pamilya? Bakit?
   - Ano ang pagkakaiba ng bawat larawan?
   - Kung ikaw ang papipiliin, aling pamilya ang gusto mo? Bakit?
3. Bigyang linaw ang kahulugan ng bawat pamilya at kung paano pahahalagahan ang mga ito.
4. Tumawag ng ilang mag-aaral na gustong magbahagi ng kanilang kwento sa pamilya na gagabayan ng guro ayon sa paksa.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang kwento ng pamilya ay dapat malaman ng bawat kasapi nito.

**Pangunahing Tanong**:

- Paano ka makalalahok sa tradisyon ng inyong pamilya?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Naipararating nang epektibo ang mga kaisipan at ideya sa iba't ibang uri ng konteksto at paraang berbal at hindi berbal


**Mga Kagamitan:**

- Larawan ng iba't ibang pamilya

## C. Pagpapatibay

Paglalapat:

Buuin ang diagram ayon sa mga bumubuo sa inyong pamilya.




Pagtataya:

Dugtungan ang mga pangungusap.

1. Ang aming pamilya ay

 ______________________________________________

 ______________________________________________

 ______________________________________________

2. Mahalaga ang aking pamilya dahil

 ______________________________________________

 ______________________________________________

 ______________________________________________



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Paksa: Ang Aking Pamilya

**Layunin:**

- Nasasabi ang kahalagahan ng bawat kasaping pamilya

**A. Panimula**

1. Ipabuo sa mga bata ang isang *puzzle* ng mag-anak na nagtutulungan.
2. Ipapansin ang nabuong larawan ng mag-anak.
3. Alisin ang isang piraso ng *puzzle* at muli itong ipapansin sa mga bata. Itanong: Ano ang nangyari sa larawan nang tinanggal natin ang isang bahagi?

**B. Paglinang**

1. Tukuyin na ang pagbuo ng *puzzle* ay maihahalintulad sa isang pamilya.
2. Mag-*brainstorming* tungkol sa pagkaka-halintulad ng *puzzle* at ng pamilya. Isulat ang mga kasagutan ng mga bata.
3. Pangkatin ang mga bata sa lima. Hayaang ipakita ng bawat pangkat ang kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilyang nakatakda sa grupo.

   Halimbawa: Pangkat 1 – Kahalagahan ng ama
   Pangkat 2 – Kahalagahan ng ina
   Pangkat 3 – Kahalagahan ng kuya
   Pangkat 4 – Kahalagahan ng ate
   Pangkat 5 – Kahalagahan ng bunso
4. Ipalahad sa mga mag-aaral ang kanilang ginawa.
5. Mula sa ginawa ng bawat pangkat, ipatukoy ang kahalagahan ng bawat kasapi ng pamilya at kung ano-ano ang maaaring mangyari kung ang isa sa mga ito ay hindi gaganap o aalis pansamantala.

**Pangunahing Pang-unawa:**

- Ang bawat kasapi ng pamilya ay may kanya-kanyang gampanin, kaya't ang bawat isa ay mahalaga.

**Pangunahing Tanong:**

- Bakit mahalaga ang bawat kasapi ng pamilya?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Epektibong napauunlad, naipatutupad, at naibabahagi ang mga bagong ideya sa iba.

**Mga Kagamitan:**

- Puzzle

6. Balikan ang sagot ng mga bata sa naganap na *brainstorming*. Muling ipaliwanag ang pagkakahalintulad ng *puzzle* at ng tungkulin ng bawat kasapi ng pamilya.

**C. Pagpapatibay**

Paglalapat:

Sabihin sa mag-aaral na gumuhit ng isang simbolo na nagpapakita na ang bawat kasapi ng pamilya ay mahalaga.

Halimbawa: walis tingting

Pagtataya:

Tapusin ang pangungusap…

- Ang bawat kasapi ng pamilya ay ________________ kaya dapat na ____________________________.

Kasunduan:

Magdala ng larawan ng inyong sariling pamilya.



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to **www.rexinteractive.com**

## Paksa: Ang Aking Pamilya

**Layunin:**

- Naipagmamalaki ang kwento ng sariling pamilya

**A. Panimula**

1. Ipaawit ang "Ako'y May Pamilya" sa tono ng "Ako Ay May Lobo."

   **Ako'y May Pamilya**

   Ako'y may pamilya
   Kami'y iba-iba
   Ngunit kahit ganito
   Kami ay masaya
   Ako kahit san man
   Magpunta't magtungo
   Ipagmamalaki
   Ang pamilyang mahal.

2. Ipatukoy ang nilalaman ng awit.

**B. Paglinang:**

1. Ipaskil ang katanungang ito: Ikaw, paano mo ipagmamalaki ang kwento ng iyong sariling pamilya?
2. Magsagawa ng mga *triad* at hayaang ipahayag ng mga bata ang kwento ng kani-kanilang pamilya.
3. Pumili ng ilang bata na maaaring maglahad ng kanilang kwento sa buong klase.
4. Ipatukoy sa mga bata ang kanilang naramdaman pagkatapos mailahad ang kwento ng kanilang pamilya.

**C. Pagpapatibay:**

Paglalapat:

Ipasagot sa mga bata ang katanungang ito: Ikaw bilang isang bata, paano mo maipagmamalaki ang iyong pamilya?

Hayaang ipakita ng mga bata ang kanilang kasagutan sa malikhaing pamamaraan.

**Pangunahing Pang-unawa:**
Ang bawat kwento ng pamilya ay dapat malaman ng bawat kasapi. Ito ay dapat ipagmalaki.

**Pangunahing Tanong:**
Paano mo ipagmamalaki ang iyong sariling pamilya?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**
Epektibong napauunlad, naipatutupad, at naibabahagi ang mga bagong ideya sa iba.

**Mga Kagamitan:**

- Larawan ng kanilang sariling pamilya
- Sulatang papel

Halimbawa: pagguhit o pagkanta

Pagtataya:

Pag-aralan ang bawat pangungusap na sinabi ng bawat bata. Gumuhit ng puso kung ito ay nagpapakita ng pagmamalaki sa sariling pamilya at gumuhit ng bilog kung hindi.

1. Jose: "Ako'y natutuwa na ipakilala sa inyo ang aking mga magulang. Sila ay sina Joseph at Senya."
2. Lea: "Mahirap lang kami pero maayos ang aming pagsasamahan."
3. Dante: "Siya ang aking kuya. Ang pinakamabait na kuya sa buong mundo."
4. Nena: "Ayokong malaman ng lahat kung ano ang aming kwento. Baka pagtawanan nila ako."
5. EJ: "Makinig kayong lahat at buong puso kong isasalaysay ang kwento ng aking mga magulang."

Kasunduan:

Umisip ng isang awit na maari ninyong ihandog para sa inyong pamilya.


Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com

## Paksa: Mga Alituntunin sa Pamilya


**Layunin:**


- Natatalakay ang mga batayan ng mga alituntunin ng pamilya

**A. Panimula**

1. Pahulaan ang iba't ibang babala.

   Halimbawa:

   This way 

   No u-turn 

2. Ipasasakilos kung paano sinusunod ang mga ito.
3. Pagkatapos, pag-uusapan kung sa kanilang bahay ay may mga tuntuning sinusunod.

**B. Paglinang**

*Fishbowl*

1. Hatiin sa dalawang pangkat ang mga mag-aaral.
2. Magtatagpo ang mga pangunahing kalahok sa gitna ng silid habang nakaupo palibot sa kanila ang iba pang mga miyembro ng grupong magsisilbing tagamatyag.
3. Aayusin ng mga kalahok ang kanilang mga sarili sa dalawang bilog. Ang mga nasa loob ng bilog (*fishbowl*) ang makikibahagi sa *role-play* tungkol sa mga alituntuning sinusunod sa bahay, samantalang ang mga nasa labas ng bilog na binubuo ng mga tagamatyag ay makikinig at magsusuri sa mga reaksiyon ng pangkat.
4. Suriin ang gawain.

   Itanong ang sumusunod:

   - Ano ang mga batayan ng mga alituntuning sinusunod sa pamilya?

**Pangunahing Pang-unawa:**

- May mga alituntunin ang pamilya na dapat tuparin ng mga kasapi nito.

**Pangunahing Tanong:**

- Paano mo tinutupad ang mga alituntunin ng inyong pamilya?

**Ika-21 Siglong Kasanayan:**

- Nagagampanan ang mga responsibilidad sa mga pinagtulungang gawain at kontribusyon ng bawat isa sa grupo

**Mga Kagamitan:**

- Larawan ng mga nagpapakita ng pagsunod sa mga alituntunin ng pamilya
- Papel
- Pangkulay

- Paano ipinakita ng mga kalahok ang tamang pagsunod?
- Bakit kailangang may alituntuning sundin sa bawat pamilya?

**C. Pagpapatibay**

Paglalapat:

Iguhit ang ☺ kung ang pahayag ay nagsasaad ng wastong pagsunod sa mga alituntunin ng pamilya at ☆ kung hindi.

_____ 1. Pagpapaalam bago umalis ng bahay

_____ 2. Pagtulong sa mga gawaing-bahay

_____ 3. Pagsagot nang walang paggalang

_____ 4. Pagpapasintabi sa daraanan kung may nag-uusap

_____ 5. Pagtatawanan ang mga matatandang may mahinang pandinig

Pagtataya:

Lagyan ng tsek (✓) ang hanay ng iyong sagot ayon sa iyong mga sinusunod na alituntunin sa iyong pamilya.

| Mga Alituntunin sa Pamilya | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Nagbibigay galang sa mga magulang bago umalis at sa paguwi ng bahay. | | |
| 2. Nakikinig sa mga payo ng mga nakatatanda. | | |
| 3. Gumagawa ng mga takdang-aralin bago maglibang. | | |
| 4. Tumutulong sa mga gawaing-bahay. | | |
| 5. Marunong pag-ingatan ang mga kagamitan sa bahay at maging ang sariling gamit. | | |



Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!
Log on to www.rexinteractive.com